# SALIKSIK

## Saysay ng Salaysay

Multidisiplinaryong E-Journal | Tomo 7, Bilang 3 | Nobyembre 2018



ISSN 2244-0232

*Rebyu*

Gerritsen, Anne at Giorgio Riello, mga pat. 2015. *Writing Material Culture History*. London: Bloomsbury.

# KULTURANG MATERYAL BILANG BATIS AT LARANGAN NG KASAYSAYAN

**Mark Joseph P. Santos**
Departamento ng Kasaysayan
Polytechnic University of the Philippines - Manila

Namulat sa makipot na kasanayang disiplinal ng metodolohiyang pangkasaysayan na nakatuon sa pagsusuri ng mga dokumento sa arkibo, hindi pa katagalan mula nang mag-umpisang mabatid ng mga historyador ang kahalagahan ng kulturang materyal sa kanyang larangan. Higit pa sa pagpapahalaga sa kulturang materyal bilang batis ng kasaysayan, paksa ng sinusuring aklat ang pagsasakasaysayan ng kulturang materyal bilang isang bagong larangan. Tinipon ng mga historyador na patnugot na sina Anne Gerritsen at Giorgio Riello sa *Writing Material Culture History* ang kontribusyon ng dalawampu't anim na akademiko mula sa iba't ibang larangan tulad ng kasaysayan, antropolohiya, arkeolohiya, museolohiya, at kasaysayan ng sining, upang makabuo ng isang batayang aklat tungo sa pagpapayabong ng makabago at interdisiplinaryong larangan ng kasaysayan ng kulturang materyal. Nahahati sa tatlong bahagi ang rebyung ito: ang una'y tatalakay sa pangkabuuang tema na nagbubuklod sa samu't saring sanaysay na nilalaman ng aklat, ang ikalawa'y magbibigay ng payak na pagbubuod sa bawat kabanata, at ang huli'y tatalunton sa maaaring maging metodolohikal na ambag ng aklat sa larangan ng historiograpiyang Pilipino.

## PANGKABUUANG TEMA NG AKLAT

Umiinog ang dalawampu't limang sanaysay na nakapaloob sa aklat sa pangkabuuang tesis na ang mga bagay o kulturang materyal ay hindi lamang batis ng kasaysayan, sa halip, ang

mga ito (bilang esensyal na komponente ng lipunan) ay nagtataglay mismo ng naratibong pangkasaysayan. Makailang ulit na nabanggit sa iba't ibang bahagi ng aklat, ang mga bagay ay naglalaman ng "biograpiya." Hindi lamang ito tumutukoy sa pisikal na mga antas na pinagdadaanan ng kulturang materyal, mula sa produksyon at konsumpsyon, hanggang pagkaluma, pagkasira, at muling pagsasaayos. Higit pa rito, ang "biograpiya" ng kulturang materyal ay kinapapalooban ng pagbabagu-bago ng halaga at mga pagpapakahulugang ikinakabit sa isang bagay sa magkakaibang yugto ng kasaysayan. Malawak ang posibilidad ng mga sanhing maaaring magdulot ng mga transpormasyong ito, mula sa mga payak na salik tulad ng pagkukumpuni upang mapabagal ang pagkasira (kabanata 16 at 22), pag-usbong ng karapatang pangkasarian (kabanata 6), at pag-angat ng kaalamang pangkalusugan (kabanata 11), hanggang sa mga masalimuot na mga penomena tulad ng pagtindi ng nasyonalismo (kabanata 7), pagyabong ng global na kalakalan (kabanata 9), at pagpapalit-anyo ng sistemang pulitikal (kabanata 15).

Samu't sari ang mga halimbawa ng mga kulturang materyal na pinagtuunan ng pansin bilang mga kasong pag-aaral sa aklat. Gayundin, malawak at iba't iba ang geograpikal na saklaw ng mga ito, sa kabila ng katotohanang lahat ng mga kontribyutor ay mula sa Estados Unidos (US) at Reyno Unido (UK). Kawili-wiling binaybay ng mga artikulo ang "talambuhay" ng mga kulturang materyal, mula sa porselana ng Tsina (kabanata 2), mga monumental na bahay ng Indonesya (kabanata 7), at buslo/*basket* ng California (kabanata 8), hanggang sa abrigo/*overcoat* na gawa sa balat ng *sealion* ng Hawaii, kampanilya/*handbell* ng London (kabanata 12), at karpet ng Portugal (kabanata 21).

Malamang na walang awtonomiya ang "talambuhay" ng mga kulturang materyal sa sarili nito. Ang samu't saring halaga at kahulugang nakalagak dito'y bunga hindi lamang ng pagiging instrumental nito bilang tagapamagitan sa relasyon ng tao sa tao (sa kaso halimbawa ng pagpapamana ng mga gamit ng taong nasa bingit ng kamatayan sa kabanata 3 o pag-iiwan ng simpleng telang may burdang hugis puso na iniiwan kasama ng batang ipapaampon sa kabanata 14), kundi lalo pa nga sa dayalektikal na pagtatalaban ng tao at bagay (talab ng tao sa bagay at talab ng bagay sa tao). Halimbawa, interesanteng pagnilayan ang paliwanag ng kabanata 13 kung paanong ang pag-unlad ng teknolohiya ng ilaw (mula lampara tungong bumbilya) ay nakapagbunsod sa paglitaw ng mga panlipunang libangang nagpabago sa pananaw ng tao sa araw at gabi (ang ikalawa'y naging mas mahaba at hindi na lang simpleng oras ng pagtulog).

Tulad ng nabanggit na, hindi lamang pasibong "obheto" ng kasaysayan ang kulturang materyal (bilang batis pangkasaysayan), bagkus ito'y isang aktibong "subheto" ng kasaysayan (bilang tagapagtaglay ng naratibong pangkasaysayan). Dahil sa pagkakaroon nito ng "talambuhay" (malayo sa dati nitong kalagayan bilang "*props*" lamang ng kasaysayan tulad ng binanggit ng mga patnugot sa introduksyon), nagsimula nang umiral ang kasaysayan ng kulturang materyal bilang isang bagong larangan sa akademyang

Europeo at Hilagang Amerikano. Isa sa mga pinakalitaw na tema ng makabagong larangang ito ang pagiging interdisiplinaryo. Dulot na rin marahil ng katotohanang hindi naman sa disiplina ng kasaysayan nagsimula ang pag-aaral ng kulturang materyal (sapagkat arkibo at aklatan ang "tahanan" ng historyador), hindi sapat ang metodolohiyang kayang ibigay ng kasaysayan upang masuri nang may kasapatan ang kulturang materyal. Sa aspektong ito papasok ang metodolohikal na saysay ng mga pantulong na disiplina tulad ng antropolohiya, arkeolohiya, museolohiya, at kasaysayan ng sining sa pag-unawa sa "biograpiya" ng bagay kaugnay ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit, bagama't parehong historyador ang mga patnugot (kapwa propesor sa Departamento ng Kasaysayan ng Unibersidad ng Warwick sina Gerittsen at Riello), ang grupo ng mga pantas na tinipon nila'y buhat sa iba't ibang disiplina.

## NILALAMAN NG AKLAT

Nahahati sa tatlong kategorya ang dalawampu't limang sanaysay ng antolohiyang ito. Paksa ng "The Disciplines of Material Culture" ang interdisiplinaryong kalikasan ng pag-aaral sa kulturang materyal. Tumutuon ito sa metodolohikal na lapit ng iba't ibang disiplina sa kulturang materyal, pangunahin na mula sa kasaysayan, antropolohiya, arkeolohiya, kasaysayan ng sining, museolohiya, at araling pangliteratura. Pagtatagpo naman ng larangan ng araling pangmateryal na kultura at kasaysayan ang paksa ng ikalawang bahagi na "The Histories of Material Culture." Dito, nagbigay ng mga kasong pag-aaral kung saan binigyang-saysay ang "talambuhay" ng samu't saring bagay (tulad ng kama, kampanilya, ilaw, tela, at iba pa) sa loob ng iba't ibang kontekstong panlipunan, pangkultura, at pampulitika. Ang huling bahagi na "The Presentation of Material Culture" ay nagbigay-pansin naman sa preserbasyon at presentasyon ng kulturang materyal sa publiko. Tinalakay ng mga kontribusyon ang iba't ibang modo ng preserbasyon at presentasyon, mula sa mga klasikal na *wunderkammer* (proto-museo) at museo, hanggang sa mga modernong paggamit ng pelikula/drama at digital na impukan ng impormasyon (*internet database*).

Bago tumungo sa pagbubuod ng bawat kabanata, mainam na pagnilayan ang ilang punto ng panimula ng mga patnugot na sina Gerritsen at Riello na "Introduction: Writing Material Culture History." Binuksan nila ang artikulo sa pahayag na ang pangkalahatang layunin ng aklat ay ang magbigay-linaw sa mahalagang papel na ginagampanan ng kulturang materyal sa kasaysayan. Anila, matagal nang naipiit ang historyador sa bartolina ng arkibo kung saan naging pormal na teritoryo ng kanyang disiplina ang pagkilatis sa dokumento, samantalang naiwan ang pagsusuri sa bagay sa kamay ng mga arkeologo at antropologo. Subalit sa mga nakaraang dekada, nagsimula ang tinatawag nilang "*material turn*" sa kasaysayan—alalaumbaga'y ang reyalisasyon sa di-matatawarang saysay ng kulturang materyal sa kasaysayan.

Ipinaliwanag ng dalawa ang ilang salik na nagbigay-daan sa paglingon ng historyador sa kulturang materyal kapwa bilang batis at paksa ng pag-aaral. Una ay ang pag-usbong ng "kasaysayan mula sa ibaba" o kasaysayang panlipunan *vis-à-vis* sa tradisyunal na "kasaysayan mula sa itaas" o kasaysayang pulitikal. Dahil sa lumalagong interes ng historyador sa pang-araw-araw na buhay ng mga pangkaraniwang tao (taliwas sa pulitikal na aktibidad ng mga makapangyarihan), nagsimula silang maging malay sa elitistang kalikasan ng dokumento na nagmumula sa pananaw ng mga nasa itaas ng lipunan. Kabaliktaran nito, ang kulturang materyal ay naituring bilang mas tapat na repleksyon ng mga saloobin at pagkilos ng masa. Ikalawa ay ang tinaguriang rebolusyon sa pagkonsumo ng ikalabingwalong dantaon sa Europa, kung saan mas marami nang produkto ang maaaring magamit ng lahat ng mga panlipunang antas (na kaiba sa naunang mga siglo kung saan mayorya ng pagkonsumo ay limitado lamang sa mataas na bahagdan ng lipunan). Nagbunsod ang pangyayaring ito ng pag-aaral ng mga iskolar sa pagkonsumo ng iba't ibang lipunan sa samu't saring kulturang materyal.

Matapos nito, inilaan nina Gerritsen at Riello ang nalalabing espasyo para sa pagtalakay sa ilang ambag at hamon ng kulturang materyal sa disiplina ng kasaysayan. Sa bahagi ng ambag, ayon sa kanila, mainam na komplementaryong batis ang kulturang materyal (tinatawag nilang "*thick description*") kasama ng nakasulat na dokumento ("*thin description*"). Liban pa rito, nagbibigay ng oportunidad ang pag-aaral ng kulturang materyal upang mas lumawak ang kolaborasyon sa pagitan ng mga historyador at mga iskolar sa ibang disiplina, lalo pa dahil maraming metodolohikal na pangangailangan sa pagsusuri ng bagay na hindi kayang punan mag-isa ng historyador. Ngunit may ilang hamon din na kaakibat ang pagkakapasok ng kulturang materyal sa kasaysayan. Isa na rito ang unti-unting pagkakabura ng malinaw na linya sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. Dahil umano sa kakayahan ng bagay na makaligtas sa delubyo ng panahon (kaya naman tila may kakayahang tumawid mula sa nakaraan tungo sa kasalukuyan), nagkakaroon ng suliranin sa paghihiwalay ng historyador bilang subheto na nag-aaral sa kasaysayan bilang obheto na pinag-aaralan. Hamon din sa historyador ang holistikong pagsusuri sa kulturang materyal, dahil hindi lang naman aspektong pangkasaysayan ang taglay nito, naglalaman din ito ng katangiang biswal at aestetiko (mga bagay na hindi nakasanayang pagnilayan ng mga nag-aaral ng kasaysayan). Dapat din daw tanggapin ang katotohanang marami sa mga kulturang materyal ay hindi maaapuhap/maaakses ng historyador, lalo na iyong maseselang gamit na iniingatan at hindi itinatampok sa mga museo, gayundin ang mga artifakt na nasa mga pribadong pagmamay-ari.

***The Disciplines of Material Culture***

Itinutulak ng layuning maipaliwanag ang iba't ibang disiplinal na lapit sa kasaysayan ng kulturang materyal, binubuo ang bahaging ito ng walong sanaysay na nagmumula sa iba't ibang larangan.

Unang itinampok dito ang artikulo ni Viccy Coltmann na "Material Culture and the History of Art(efacts)." Pagsuong ito sa araling pangkulturang materyal mula sa pananaw ng isang *art historian*. Binaybay niya ang ilang pag-aaral na may kinalaman sa pagkakaugnay ng kulturang materyal at kasaysayan ng sining, mula sa sulatin ng tinaguriang ama ng kasaysayan ng sining na si Johann Joachim Winckelmann, hanggang sa mga sanaysay nina Jules Prown, Lorraine Daston, C.F. Montgomery, at McClung Fleming. Tumuon si Coltmann partikular na sa relasyon ng dalawa. Bagama't magkaugnay ang dalawa sapagkat ang sining ay isa sa pitong uri ng kulturang materyal ayon sa klasipikasyon ni Prown, may pangamba ang ilang iskolar na baka matabunan ng mga pag-aaral sa kulturang materyal ang kasaysayan ng sining. Ngunit hindi naman daw dapat tingnang magkatunggali ang dalawa dahil may pagkakaiba pa rin ang kanilang mga paksain—habang ang kasaysayan ng sining ay nakatuon sa *fine arts* tulad ng pinta (tinawag na "*flat*"), ang kulturang materyal nama'y mas nakatutok sa tatlong dimensyunal na mga bagay (tinawag na "*fat*").

Sinundan ito ng sanaysay na "Father Amiot's Cup: A Qing Imperial Porcelain Sent to the Court of Louis XV" ni Kee II Choi Jr. Pumapaksa ang maikling pag-aaral na ito sa isang tasang gawa sa porselana na iniregalo ni Padre Joseph Amiot sa ministro ng Pransya na si Henri-Leonard-Jean-Baptiste. Matagal na naglingkod sa palasyo ng Tsina noong panahon ng dinastiyang Qing, natanggap ni Padre Amiot ang tasang ito mula kay Emperador Tchien-long. Naglalaman pa nga ito ng tula na si Tchien-long mismo ang kumatha. Sa pamamagitan ng kulturang materyal na ito, ipinakita ni Choi na mapag-uugnay ang dalawang bansang magkalayo at magkaiba ng kultura sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga artifakt na tulad ng tasang porselana.

Pagtatagpo naman ng teksto at kulturang materyal ang pinaglaanan ng panahon ni Catherine Richardson sa kanyang "Written Text and the Performance of Materiality." Sinuri niya ang pagsasama ng dalawa sa tatlong magkakaibang konteksto. Una'y ang mga imbentaryo o listahan ng mga pag-aari ng taong namatay. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga gamit na nakalista rito na inilalarawan sa pamamagitan ng wika, maaaring mabanaag ang ilang detalye tulad ng hitsurang panloob ng tahanan ng may-ari, pang-araw-araw na buhay ng pamilya, at kung anong uring panlipunan ang kinabibilangan ng kanyang sambahayan. Ikalawa'y huling testamento na isinusulat ng isang taong malapit nang mamatay, kung saan inililista ang ilang kagamitang gustong ipamana sa mga mahal sa buhay. Gamit ang dokumentong ito kung saan inilalarawan ng wika ang mga

kagamitang ipinapamana ay posible ang rekonstruksyon sa emosyunal na koneksyon sa pagitan ng nagpapamana at mga pinamamanahan. Ikatlo'y sinuri niya ang pagtatagpo ng teksto at kulturang maternal sa mga akdang pangliteratura, partikular na kung paanong ang mga kahulugan ay nabubuo sa pamamagitan ng pagbibigay-deskripsyon sa mga bagay na nasa loob ng kuwento.

Pagsulyap sa kulturang materyal bilang salamin ng kalagayan at pagbabagong panlipunan, sa pamamagitan ng arkeolohikal na lapit, ang paksa ng sanaysay na "Material Culture, Archaeology, and Defining Modernity: Case Studies in Ceramic Research" ni David Gaimster. Mga kagamitang gawa sa seramiko na nakaugnay sa kalagayang pangrelihiyon ang partikular na ginamit na halimbawa ng may-akda. Isang ehemplo nito ang basong seramiko na nagtataglay ng ukit ng magkatabing muka ng Santo Papa at ng demonyo. Sumasalamin ang ganitong polemikal na likhang sining sa lumalakas na impluwensya ng Protestantismo noong ikalabing-anim na dantaon (kung kailan naging popular ang pananaw ng mga Lutheran na ang Santo Papa ang Anti-Kristo). Gayundin, mula nang maganap ang Repormasyong Protestante, ang mga produktong seramiko sa Alemanya na dating nagtataglay ng imahen ng mga santo ay napalitan ng ukit ng wangis ng mga pangunahing lider ng simbahang Lutheran. Sa panig naman ng Inglatera, ang pagkakadiskubre sa maraming bilang ng mga *pipeclay* na may imahen ng Birheng Maria ay sumasalamin sa paglago ng popular na debosyon sa Birhen noong huling bahagi ng panahong Midyibal. Kalauna'y bababa ang bilang ng mga seramikong gamit na nagtataglay ng mga pangrelihiyong simbolismo at mapapalitan ng wangis ng mga hari at pangulo, isang indikasyon ng tumitinding sekularisasyon kaalinsabay ng panahon ng Kaliwanagan.

Tulad ng naunang sanaysay, umiinog muli sa mga seramikong gamit ang "Broken Objects: Using Archaeological Ceramics in the Study of Material Culture" ni Suzanne Findlen Hood. Payak na pagsisiyasat sa pinagmulan at pinagdaanan (*provenance*) ng dalawang seramikong mangkok ang nilalaman ng papel. Natagpuan ang mga ito mula sa arkeolohikal na paghuhukay sa guho ng palasyo ng gobernador sa Williamsburg, Virginia na itinayo noong panahon ng kolonyalismong Briton.

Sa aking pagtataya, maituturing marahil na isa sa mga pinakasopistikadong sanaysay sa buong antolohiya ang "Anthropology, Archaeology, History, and the Material Culture of Lycra" ni Kaori O'Connor. Pinagsamang lapit ng antropolohiya at kasaysayan sa pag-aaral ng kulturang materyal ang pinapaksa ng artikulong ito. Hinati niya sa dalawang bahagi ang sanaysay. Tumuon ang una sa relasyon ng dalawang disiplina. Aniya, kay Herodotus unang mahihinuha ang pagtatagpo ng dalawa, kung saan mas pinagtuunan ng pansin ang kultura ng mga tao kaysa mga pangyayaring pulitikal. Pagdating ni Thucycides, mas naging elitista ang kasaysayan, na ang tuon na lamang ay aspektong pulitikal. Mas lumawak pa ang puwang sa pagitan ng dalawa nang ang kasaysayang nakabatay sa teksto

ay kalaunang nakapokus na lamang sa mga nasa sentro ng hegemonyang pulitikal, habang nagpatuloy ang antropolohiya sa pagbibitay-tinig sa mga nasa gilid, mga tinuturing ng ilan bilang hindi sibilisado. Dahil sa pag-usbong ng kasaysayang panlipunan, nagsimula ang kasaysayan sa pagpapahalaga sa mga nasa gilid ng lipunan, kung saan isa sa mga ginagamit na batis ay kulturang materyal, batis na matagal nang ginagamit ng antropologo. Ipinamalas ni O'Connor ang paggamit sa pinagsamang metodolohiya ng antropolohiya at kasaysayan sa pamamagitan ng isang kasong pag-aaral: ang kasaysayan ng *lycra,* materyal na ginagamit sa paggawa ng mga elastikong kasuotan tulad ng pulinas o *leggings*. Matapos ang maiksing pagbaybay sa institusyunal na paglago ng DuPont, ang korporasyong humulma sa *lycra* (gamit ang mga batis mula sa arkibo), tinalakay niya ang transpormasyon ng halaga nito bilang produkto, kalakip ng mga pagbabago sa pananaw pangkasarian ng lipunang Amerikano. Isa sa mga bahagi ng "talambuhay" ng *lycra* ang pagsikat ng pulinas sa kababaihan. Dahil sa lumalagong feminismo noong huling bahagi ng ikadalawampung siglo, nagsimula ang kababaihang gumawa ng mga bagong aktibidad na umaalpas sa hangganang itinalaga ng tradisyunal na pananaw sa kasarian. Sa unang pagkakataon, umusbong ang *aerobics* na naging patok sa kababaihan. Kaalinsabay nito ang pangangailangan para sa isang kasuotang pang-*aerobics* na natugunan ng pulinas. Kalauna'y naging kaswal na kasuotan na ang pulinas kahit na sa kababaihang hindi nag-eehersisyo. Naging simbolismo ito ng pagkababae. Mainam na idagdag bilang komentaryo na sa lahat ng artikulong nilalaman ng aklat, ang sanaysay na ito ni O'Connor ang pinakamainam na ipabasa sa mga Pilipinong mag-aaral ng kasaysayan (at antropolohiya na rin) bilang ehemplo ng isang mahusay na pag-aaral na napagtagpi-tagpi ang metodolohiya't perspektibang nagmumula sa kasaysayan, antropolohiya, at arkeolohiya.

Sumunod na artikulo ang "Identity, Heritage, and Memorialization: The Toraja Tongkonan of Indonesia" ni Kathleen Adams. Siniyasat nito kung paanong nagamit ang ansestral na bahay ng mga grupong etnikong Toraja ng Indonesya sa paghubog ng identidad. Bawat angkang Toraja ay mayroong isang tongkonan na nagbibigkis sa kanila. Malalaman ang kinabibilangang angkan ng isang tao sa pamamagitan ng pagsasabi ng pangalan ng kanilang tongkonan. Maging ang katayuang panlipunan ng angkan ay maaaring mabanaag kapag pinagmasdan ang rangya ng disenyo ng kanilang tongkonan. Mula sa pagbibigkis sa bawat angkan, kalaunan ang tongkonan ay naging simbolo ng kolektibong pagkakakilanlan ng grupong etnikong Toraja. Nang sumidhi ang nasyonalismo sa Indonesya, isa ang tongkonan sa mga nagamit ng estado na simbolismo ng buong bansa (inilagay pa nga ito sa mga selyo at salaping Indones). Sa aking palagay, maaari ring maisagawa ang ganitong uri ng pagsusuri sa kaso ng kasaysayan ng Pilipinas. Interesanteng tingnan halimbawa kung paanong inilapat ang mga katutubong tema sa disenyo ng arkitektura noong panahon ng Batas Militar, isang halimbawa kung kailan ginamit ang nasyonalismo para sa lehitimasyon ng Bagong Lipunan ni Presidente Ferdinand Marcos.

Huling kabanata para sa bahaging ito ang sinulat ni Dana Leibson na "Exchange and Value: The Material Culture of a Chumash Basket." Sinalaysay ng may-akda ang buslo na gawa ng isang babaeng Chumash (pangkat etniko sa California). Hinalungkat niya ang ilang esensyal na impormasyon tulad ng pinagmulan, pinagdaanan, at disenyo nito. Aniya, kapansin-pansin sa buslo ang disenyo nitong ginaya sa mga ukit na matatagpuan sa Mehikanong piso noong panahong iyon. Sa huli, ipinamalas ng may-akda kung paanong ang buslong ito'y nagpapakita ng masalimuot at pababagu-bagong halaga na ikinakabit sa isang kulturang materyal (halimbawa, halaga bilang pangregalo, halaga bilang produkto, halagang nakaugat sa pagiging artistiko ng gumawa nito, at iba pa).

***The Histories of Material Culture***

Tulad nang naisulat na sa itaas, nagtatampok ang bahaging ito sa mga pag-aaral na tinatangkang pagtagpuin ang kasaysayan at kulturang materyal. Nagbukas ang parteng ito sa pag-aanalisa kung paanong nakabubuo ng espasyong global ang kulturang materyal bilang produktong kinakalakal. Ayon sa "Spaces of Global Interactions: The Material Landscapes of Global History" muli nina Gerritsen at Riello, "*Objects created 'imagined spaces'—views of faraway places where they were produced or where thought to have come from*." Liban pa sa pagbuo sa kamalayan ng isang malayong espasyong hindi pa napupuntahan, nakatutulong ang pangangalakal ng mga kulturang materyal sa paghiraya ng espasyong nag-uugnay sa dalawang pook—pook ng produksyon at pook ng konsumpsyon—na pinaglagakan ng kalakal. Hindi nga maitatatwang ang kulturang materyal bilang kalakal ay isa sa mga pangunahing salik na nagbunsod sa pag-usbong ng globalisasyon ng modernong panahon.

Global na interaksyon din ang tuon ng sanaysay na "Cosmopolitan Relationships in the Crossroads of the Pacific Ocean." Isinulat ng kurador na si Christine Hellmich, tampok sa pag-aaral ang mala-kapoteng kasuotang gawa sa balat ng *sealion*. Nakaangkla ang halaga nito sa pagiging regalo nito na ipinagkaloob ni Haring Kamehameha ng Hawaii kay Kapitan Thomas Meek. Bilang isa sa mga produktong pangkalakalan noong panahong iyon sa pagitan ng Hilagang Amerika at Hawaii, halimbawa ito ng isang kulturang materyal na lumilikha ng espasyong pisikal at metaporikal na nag-uugnay sa dalawang pook.

Kama bilang salamin ng nagbabagong kultura ng pagtulog ang paksain ni Sandra Cavallo sa kanyang papel. Pinamagatang "Invisible Beds: Health and the Material Culture of Sleep," ipinakita ni Cavallo kung paanong ang pagkukumpara sa dalawang higaan sa magkaibang panaho'y maaaring maging instrumento sa pag-unawa ng pagbabago sa kultura ng pagtulog at paniniwalang pangkalusugan. Kapwa kumakatawan sa mga higaang *Renaissance* sa Italya, ang isa'y kopya ng ikalabinglimang siglong kama, habang

ang ikalawa'y orihinal na kamang nilikha noong ikalabing-anim na siglo. Ang malawak na istruktura at pagkakaroon ng mga nakakabit na upuan sa paligid ng higaan ng ikalabinglimang siglo ay sumasalamin daw sa publikong gamit ng higaang ito. Hindi lang kasi ginagamit ang mga higaan para sa pagtulog sa panahong ito, bagkus, espasyo ito ng sosyalisasyon kung saan ginagawa minsan ang ilang libangan ng magkakaibigan tulad ng pagsayaw at pagpapatugtog ng musika. Kasalungat nito, mas makipot ang kama ng ikalabing-anim na siglo. Ani ng may-akda, repleksyon ito ng nabuong kasanayan sa hanay ng mayayamang mag-asawa na matulog ng magkahiwalay. Ang pagkakaroon ng kurtinang pangharang sa apat na gilid ng kama sa siglong ito'y epekto naman ng pagsikat ng mga *regimen*, mga lathalaing naglalaman ng pangkalusugang payo ng mga doktor. Isa sa mga popular na payo noon sa mga *regimen* ang pagkakaroon ng sapat at maayos na pagtulog para sa pagkamit ng maayos na *digestive process*. Kaya naman lahat ng maaaring makasagabal sa pagtulog, tulad ng lamig, sikat ng araw, at ingay ay iniwasan sa pamamagitan ng paglalagay ng kurtina sa kama, liban pa sa pagpupuwesto nito sa gilid sa halip na gitna ng kuwarto. Makikita mula sa sanaysay na ito ang transpormasyon ng panlipunang saysay ng higaan, mula sa publikong kalikasan nito noong ikalabinglimang dantaon tungo sa pribadong karakteridad nito noong ikalabing-anim na siglo. Kung mas magiging malawak lamang ang saklaw na mambabasa sa Pilipinas ng akdang ito, hindi malayong makakiliti ito sa imahinasyon ng mga Pilipinong historyador at mga mag-aaral ng kasaysayan. Maaari kayang isagawa ang mga ganitong uri ng pag-aaral sa mga pang-araw-araw na kulturang materyal sa Pilipinas? Halimbawa, ano kaya ang mga posibilidad na maaaring mabuksan sa ating harapan kapag pinag-aralan ng masinsinan ang mga nakaligtas na gamit ng mga bayani noong ika-19 na dantaon? Anu-ano kaya ang mga pagkakaiba sa komposisyon ng mga gamit na matatagpuan sa tahanan batay sa magkakaibang "etnisidad" (Peninsulares, Insulares, Sangley, Mestizo, Indio) o uring panlipunan (ilustrado, ilustradillos, plebeyo). Paano kaya makatutulong ang mga kulturang materyal bilang batis sa pag-aaral ng kasaysayang panlipunan ng Pilipinas? Marami pang maaaring itanong, ngunit ang punto lamang ng mga ito'y ang katotohanang malawak ang posibilidad kung gagamiting modelo ang sanaysay na ito para sa pag-aaral ng kulturang materyal sa Pilipinas.

Saysay naman ng isang munting kampanilya ang naging interes ni Flora Dennis na sumulat ng "Material Culture and Sound: A Sixteenth-Century Handbell." Isang kulturang materyal na galing din sa Italya noong ikalabing-anim na dantaon, kumakatawan ang kampanilya sa ugnayang pangkapangyarihang umiiral sa pagitan ng lalaking may-ari ng tahanan at kanyang mga kasambahay. Dahil lantad sa mga elit na pamilya ang kamalayang ang ama ang makapangyarihang persona na hindi dapat gambalain sa kanyang pribadong kuwarto kung saan ginagawa ang ilang mahahalagang bagay tulad ng pagbabasa ng libro at pagsulat ng mga liham, kailangang malayo ang distansya sa pagitan niya at ng kanyang mga kasambahay na pinanggagalingan ng ingay. Sa kabilang banda, kailangan ding hindi sila sobrang layo upang madali silang tawagin

tuwing may kailangan ang ama. Ang tensyong ito sa pagitan ng nesesidad ng layo at lapit sa pagitan ng amo at kasambahay ay nasolusyunan ng kampanilya. Sa halip na tumungo ang amo sa espasyo ng kasambahay o sumigaw, makukuha ng amo ang atensyon nila sa pamamagitan ng simpleng pag-alog sa kampanilya. Sa pamamagitan nito, naisasagawa ng kampanilya, bilang simbulo ng awtoridad, ang kalooban ng makapangyarihang ama ng elit na pamilya.

Kung awditoryo ang paksa ng naunang sanaysay, biswal naman ang tuon ng "Lustrous Things: Luminosity and Reflection Before the Light Bulb" ni Ann Smart Martin. Ipinaliwanag ni Martin kung paanong ang pagkakaimbento ng mga instrumentong nagbibigay ng liwanag—tulad ng kandila at lampara, ay nakapagbago sa pananaw ng tao sa gabi. Bago ang imbensyon ng mga ito, ang gabi'y istriktong panahon lamang ng pagpapahinga at pagtulog. Subalit mula nang malikha ang mga instrumentong pampaliwanag, metaporikal na humaba ang gabi, at naging panahon ito ng iba't ibang libangan at porma ng sosyalisasyon.

Ukol naman sa saysay ng kulturang materyal bilang lagakan ng emosyon ang "Objects of Emotion: The London Foundling Hospital Tokens, 1741-60" ni John Styles. Umiinog ang papel sa mga munting bagay na iniiwan ng mga nanay sa ampunan kasama ng kanilang pinaaampon na anak. Ginagamit ng ampunan ang mga gamit na ito upang madali ang identipikasyon ng mga ampon, upang madali silang makilala kung sakaling gustong bawiin ng nanay ang kanyang anak sa hinaharap. Sa pamamagitan daw ng pagsulyap sa mga munting bagay na ito, mababanaag ang emosyunal na estado ng nanay at kanyang emosyunal na koneksyon sa kanyang pinaampon na anak. Liban sa mga simpleng bagay tulad ng singsing, barya, susi, butones, at iba pa, pinakamaraming bagay na iniiwan ng mga nanay ang tela na kadalasang may burdang puso. Ani ni Styles, ang emosyunal na pagpapakahulugan ng isang kulturang materyal ay partikular: nagbabagu-bago ito batay sa konteksto ng panahon. Hindi marereplika ng iskolar sa kasalukuyan ang espesyal at partikular na emosyunal na simbolismo ng isang kulturang materyal na nilikha ng isang depinitong konteksto sa nakaraan (tulad na lamang ng konteksto ng pag-aampon noong ikalabingwalong dantaon). Itinutulak tayo ng sanaysay ni Styles tungo sa reyalisasyong hindi lamang binubuo ng mga materyal na pagkilos ng mga tao ang kasaysayan, bagkus, maging ng hindi materyal na emosyong nasasaloob nila. Sa kabila ng lahat, kailangang tanggaping hindi mga mekanikal na karakter ang mga personaheng pangkasaysayan, kundi mga organismong may emosyon. Hindi kaya mas mauunawaan, halimbawa, ang aksyon ng mga Pilipinong tampok sa kasaysayan, kung isasaalang-alang ang kanilang mga aspirasyon, damdamin, at motibasyon? Samakatwid, ehemplo ang sanaysay na ito tungo sa mas holistikong pag-aaral ng mga kaganapang pangkasaysayan.

Sumunod na artikulo ang sinulat ni Ulrich Lehmann na "Material Culture and Materialism: The French Revolution in Wallpaper." Tinalakay niya kung paanong ang

pagbabago sa mga disenyo ng mga *wallpaper* sa Pransya noong huling bahagi ng ikalabingwalong dantaon ay sumasalamin sa mga transpormasyong pampulitika at panlipunan sa panahon ng Rebolusyong Pranses. Iginiit ni Lehmann na dapat gamitin ang lente ng pangkasaysayang materyalismo sa pag-unawa sa produksyon at konsumpsyon ng kulturang materyal upang mabanaag mula rito ang mga pagbabagong panlipunan at tunggaliang pang-uri.

Preserbasyon at mga yugto ng "talambuhay" ng kulturang materyal naman ang paksa ng "Time, Wear, and Maintenance: The Afterlife of Things" ni Victoria Kelley. Tinalakay niya ang iba't ibang yugto sa "talambuhay" ng kulturang materyal, mula sa produksyon, konsumpsyon, pagkaluma at pagkasira. Isa sa pinakamahalagang yugto nito ang pagpapabagal ng pagkasira ng bagay sa pamamagitan ng preserbasyon.

Tumatalunton sa kulturang materyal bilang tagapaghubog ng pag-uugali at pagkilos ng tao, isinulat ni Manuel Charpy ang "How Things Shape Us: Material Culture and Identity in the Industrial Age." Sa partikular, nagpokus siya sa papel ng kulturang materyal bilang tagapaghulma ng kakanyahang burgesya sa panahong industriyal. Isa sa mga inihalimbawa niyang senaryo kung saan ang bagay ang nagdedetermina ng asal at kilos ng tao o grupo ng mga tao, hindi ang kabaliktaran ay ang paggamit ng korseta: ang sinusuot na korseta sa katawa'y naglilimita ng postura ng nagsusuot, hindi maaari ang masyadong pagyuko at kailangang matikas ang pagtindig. Sa kaso ng identidad na pangkasarian, ipinaliwanag ng may-akda na ang popularidad ng mga manika at bahay-bahayan na mga laruan sa mga batang babae ay nakatulong sa indoktrinasyon sa kamalayan na ang ideyal na babae ay siyang maayos na pinamamahalaan ang kanyang tahanan at mga anak.

### *The Presentation of Material Culture*

Inilaan ang bahaging ito ng antolohiya para sa pagtalakay sa preserbasyon at presentasyon ng kulturang materyal para sa pampublikong pagkonsumo. Binuksan ang bahaging ito ng artikulong tumatalakay sa pinakaunang bersyon ng pangongolekta at eksibisyon ng kulturang materyal bago pa man maimbento ang museo: ang *wunderkammer*. Ayon sa "The Return of the Wunderkammer: Material Culture in the Museum" ni Ethan W. Lasser, ang *wunderkammer* (salin sa Filipino: aparador ng pagtataka) ay tumutukoy sa isang kuwarto kung saan pinagsasama ang mga natural na relika (tulad ng *taxidermied* o pinreserbang balat ng hayop) at mga artifact na gawa ng tao (tulad ng likhang sining). Siniyasat ni Lasser ang penomenon ng muling pagsulpot ng mga *wunderkammer* sa US tulad ng *Rooms of Wonder* ng Milwaukee Art Museum. Mas mainam para sa may-akda ang *wunderkammer* kaysa sa mga tradisyunal na museo dahil iniimbitahan nito ang mga bisita na aktibong makilahok sa pagbuo ng naratibong nalilikha ng koleksyon ng mga kulturang materyal. Habang ang museo'y nagtatampok ng

isang naratibong istatik at tapos nang likhain ng mga kurador, ang organisasyon ng mga kulturang materyal sa loob ng *wunderkammer* ay daynamiko, hindi pa tapos na naratibong nag-aantay ng partisipasyon ng mga bisitang nagmamasid. Masasalungguhitang mainam na babasahin ang sanaysay na ito, lalo na sa kaso ng mga kurador sa Pilipinas. May pangangailangan kaya para sa reorganisasyon ng mga artifakt sa mga museo ng Pilipinas, upang hindi lamang maging pasibong presentasyon ng datos, bagkus, magsilbing imbitasyon sa mga Pilipino na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagbubuo ng naratibo?

Sinundan ito ng "Europe 1600-1800 in a Thousand Objects" ni Lesley Ellis Miller, na ukol pa rin sa pampublikong presentasyon ng kulturang materyal, pero sa pagkakataong ito'y sa pamamagitan na ng isang tradisyunal na museo. Umikot ang pagtalakay sa Europa 1600-1800, isang seksyon sa loob ng *Victoria and Albert Museum* na nagtatampok ng mga artifakt sa Europa na loob ng panahong ito. Payak na pagtalakay sa ilan sa isang libong kulturang materyal ang nilalaman ng papel, tulad ng mga bansang kinakatawan ng mga artifakt, mga piniling itampok na mga bagay sa seksyon sa isang banda at mga ipinasya namang itago na lamang sa bodega sa kabilang banda, at uri ng naratibong nalilikha ng koleksyon.

Paano nakakasangkapan ng imperyo ang museo? Ito ang suliraning pinilit na sagutin ng artikulo ni John McAleer na "Objects of Empire: Museums, Material Culture, and Histories of Empire." Marami sa mga unang museong Ingles ay mula sa karanasang imperyal nito, lalo sa Asya. Itinuon ng may-akda ang pansin sa isang partikular na relika upang ipaliwanag ang kanyang punto. Ang relikang ito ay ang *figurehead* na nakakabit sa barkong HMS Seringapatam ng mga Briton, na ngayon ay nasa *National Maritime Museum* ng London. Naglalaman ang *figurehead* ng imahen ni Tipu Sultan, lider ng Mysore, isang kaharian sa katimugang India. Noong nabubuhay pa siya, naging malaking sagabal siya sa pagpapalaganap ng imperyalismong Briton. Ngunit kalaunan, natalo siya at napatay. Iginiit ng may-akda na ang pagtatampok ng imahen ni Timpu sa museong Briton ay nagpapakita kung papaano inangkin at inangkop ng imperyalistang memorya ang isang simbulo ng katutubong paggigiit ng kalayaan, upang lalong maipamalas ang tagumpay ng imperyalismong Briton.

Ukol sa preserbasyon naman ang sumunod na artikulo. Sinulat nina Jessica Hallett at Raquel Santos, tinatalakay ng "Interwoven Knowledge: Understanding and Conserving Three Islamic Carpets" ang pagkonserba sa tatlong "*Salting*" na karpet (ipinangalan kay George Salting na nagbigay ng isang ehemplo ng karpet na ito sa museo) na natagpuan sa isang palasyo sa Guimaraes, Portugal. Inilarawan nila ang modernong mga metodong ginagamit para sa konserbasyon ng isang mahalagang kulturang materyal. Siniyasat din nila ang probableng pinagmulan ng tatlong ito. Sa pamamagitan ng ilang ebidensya,

hinuha ng mga may-akda na maaaring regalo ito ng isang Shah ng imperyong Safavid sa Sultan ng imperyong Ottoman.

Tulad ng artikulo nina Hallett at Santos, ukol muli sa preserbasyon ang "Reading and Writing the Restoration History of an Old French Bureau" ni Carolyn Sargentson. Ang *bureau* o lumang drower, na dating isa sa mahahalagang relikang nakatampok sa *Victoria and Albert Museum* ay nakalagak na lamang ngayon sa bodega. Nawalan ito ng kredibilidad sa mata ng mga tao mula nang madiskubre na makailang ulit nang pinalitan ang ilang bahagi nito sa iba't ibang yugto ng "talambuhay" nito. Sa pamamagitan nito bilang kasong pag-aaral, ipinakita ni Sargentson ang kabalintunaan ng preserbasyon: bagama't ang layunin ng preserbasyon ay pabagalin ang kamatayan ng kulturang materyal upang mapanatili ang halaga nito, ang proseso pa mismo ng preserbasyon kung minsan ang nagiging sanhi ng pagbaba ng halaga ng isang relika dahil tinitingnan ang interbensyon ng tao bilang tagapagpabawas ng awtentisidad nito.

Pinasok ni Dinah Eastop ang larangan ng pagbuo ng *database* ng mga impormasyon ukol sa kulturang materyal sa kanyang papel na "History by Design: The UK Board of Trade Design Register." Ang "BT Design Register" ay malaking bugkos ng mga datos na naglalaman ng mga tala, imahen, at representasyon ng mga disenyo ng samu't saring produkto at sining na isinumite ng iba't ibang tao at korporasyon. Naglalaman ng humigit-kumulang tatlong milyong disenyong mula sa mga nalikha mula 1839 hanggang 1991, nakalagak ang BT Design Register sa pambansang sinupan ng Reynos Unidos. Siniyasat ni Eastop ang mayamang potensyal ng BT Design Register bilang batis sa pag-aaral ng kasaysayan ng kulturang materyal.

Mga radikal na rekomendasyon naman para sa hinaharap ng museolohiya ang iniambag ng artikulo ni Glenn Adamson na "Handle with Care: The Future of Curatorial Expertise." Ani ni Adamson, nakasalalay ang pag-unlad ng gawaing pangmuseo sa pagiging handa ng mga kurador na bigyan ng aktibong partisipasyon ang mga bisita sa museo. Bagama't prayoridad ng bawat kurador ang pag-iingat sa mga kulturang materyal ng museo, dapat nilang mapagtanto na isa sa dapat na gawin ng museo ang bigyan ng personal na pagdanas ang mga bisita sa mga relika. Nagbigay siya ng halimbawa ng progresibong pag-akto ng ilang museo para sa layuning ito tulad na lamang ng pagpapagamit ng *Victoria and Albert Museum* ng kanilang mga pinepreserbang damit sa mga artista ng isang pelikula. Panahon na raw aniya na ilipat ang mga relika mula sa kasaysayan tungo sa kasalukuyan. Ika nga ng may-akda, "*[Museum] not as an isolated tower, dedicated to objective knowledge and permanent preservation; but as a platform of informed and subjective exchange, ever-changing. The museum is not a refuge. It is a place to encounter the world in a state of heightened attention*."

Kahuli-hulihang sanaysay ang kontribusyon ni Hannah Greig na "As Seen on the Screen: Material Culture, Historical Accuracy, and the Costume Drama." Matapos ang preliminaryong pagtalakay sa pelikula bilang behikulo ng kasaysayan, tumuon ang may-akda sa papel na ginagampanan ng kulturang materyal sa *period drama* o mga drama na nagtatampok sa isang partikular na panahon ng kasaysayan. Ani ni Greig, ang malaking bahagi ng depiksyon ng isang historikal na yugto ng kasaysayan sa isang drama ay nakabatay sa materyal na detalye ng pelikula tulad ng pananamit ng mga karakter. Ngunit dapat din umanong umiwas sa labis na ekspektasyon sa kulturang materyal ng pelikula bilang tumpak o saktong representasyon ng kasaysayan. Liban sa ang pangunahing layunin ng pelikula ay magbigay-libang, may mga dimensyon ang kasaysayang hindi kayang iparating ng kulturang materyal tulad ng motibo at emosyon ng mga personang pangkasaysayan.

## METODOLOHIKAL NA SAYSAY NG AKDA SA HISTORIOGRAPIYANG PILIPINO

Bago talakayin ang metodolohikal na saysay ng akda sa konteksto ng Pilipinas, mahalagang mabanggit muna ang ilang limitasyon nito. Una, may ilang artikulong tila napako na lamang sa naratibo at pagsusuri sa "talambuhay" ng mga kulturang materyal sa sarili nito, habang napakanipis ng talakay sa kaugnayan nito sa kultura ng lipunang gumagamit dito. Hindi na nagawa ng ilang sanaysay na iugnay ang "talambuhay" ng bagay sa mas masaklaw na "talambuhay" ng lipunang kinapapalooban nito. Sa aking palagay, mawawalan ng saysay ang kasaysayan ng kulturang materyal bilang isang larangan kung ihihiwalay ito sa tao (sa ganang ito, ano pa ang ipinagkaiba nito sa likas na agham?). Ikalawa, hindi makagagawa ng pagmamalabis sa saysay ng akda sa kontekstong Pilipino dahil kontekstwalisado ito sa ibang bansa. Ibig sabihin, ang mga isyung kinakabaka nito at pananaw na pinanggagalingan ay banyaga. Bagama't tinatangka ng aklat na maging pandaigdigan sa saklaw nito, hindi mahirap mapansing karamihan sa mga kulturang materyal na tinalakay ay mula pa rin sa aksis ng Hilagang Amerika at Europa. Sa katunayan, tatlong teritoryo lang ang naisali na nasa labas ng aksis na ito (tongkonan ng Indonesia, kapote ng Hawaii, at porselana ng Tsina). Datapwa't sa kabila ng mga limitasyong ito, may ilang metodolohikal na aral pa ring mapakikinabangan ang historiograpiyang Pilipino rito.

Kung ikokonsidera ang kasalukuyang estado ng kapantasang pangkasaysayan sa Pilipinas, tila hindi pa posible sa malapit na hinaharap ang pag-usbong ng larangan ng kasaysayan ng kulturang materyal. Liban sa katotohanang masyado pang preokupado ang isip ng ating mga historyador sa mga mas kagyat na pangangailangan (tulad ng nasyonalismo para sa pagbubuo ng bansa), ni hindi pa nga katagalan mula nang magsimula ang mga historyador na gamitin ang kulturang materyal bilang batis sa kanilang disiplina. Sa

aking pakiwari, tila si Dr. Zeus A. Salazar ang kauna-unahang Pilipinong historyador sa Pilipinas na sistematikong nagpasok ng pagsusuri ng kulturang materyal bilang batis sa pagsusulat ng kasaysayan. Hindi ito nakapagtataka kung ikokonsidera ang katotohanang hindi lamang historiyador si Salazar kundi antropologo rin. Sa katunayan, ang una niyang pinatnugutang aklat matapos bumalik sa Pilipinas, matapos ang lagpas isang dekadang pag-aaral sa Europa, ay hindi tungkol sa kasaysayan bagkus, ukol sa antropolohiya—*Anthropology: Range and Relevance* (Zamora at Salazar 1969).

Liban sa historikal na linggwistika, kabilang sa antropolohikal-historiograpikal na arsenal si Salazar ang arkeolohiya. Marahil, sa lahat ng kanyang mga akda, ang maituturing na pinakaehemplo sa paggamit ng arkeolohiya bilang pantulong na disiplina sa kasaysayan ay ang kanyang *Liktao at Epiko* (Salazar 2004), gayundin ang akdang *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna* (Tiongson *et al.* 2013), kung saan isa siya sa mga manunulat. Malaki ang naging papel ng kanyang pag-aaral sa Pransya sa dimensyong ito ng kanyang iskolarsip (lalo na nang kumuha siya ng Lisensya sa Prehistorikong Arkeolohiya sa Unibersidad ng Paris noong 1963). Sa isang personal na komunikasyon (Salazar 2018), naibahagi niyang sa Europa niya napagtanto na bahagi pala ng iisang daloy (sa aspekto ng panahon) ang arkeolohiya at kasaysayan. Aniya, sa Pilipinas kasi noon ay hindi makita ang kaugnayan ng dalawang disiplina. Ang kawalan ng kasanayan ng mga historyador na nauna sa kanya ang dahilan kung bakit ipinagpapalagay ng tradisyunal na historiograpiya na ang simula ng kasaysayan ng Pilipinas ay 1521. Simptomatiko ng ganitong pananaw ang pahayag ni Teodoro Agoncillo nang kapanayamin siya ni Ambeth Ocampo noong 1984. Bilang tugon sa tanong ni Ocampo kung papaano mapag-aaralan ang kasaysayan ng Pilipinas bago ang pagdating ng mga Español, ipinahayag ni Agoncillo:

> *I believe that we can't write any pre-Spanish history. All that we can do is discover this and that* na *no connection* naman... *we have relations with the Chinese, that's all we can say* (Ocampo 2016, 59).

Siyempre, ang dahilan kung bakit imposibleng mapag-aralan ang panahon bago ang 1521 sa pananaw ni Agoncillo ay dahil dokumento ang tanging batis para sa mata ng historyador noong panahong iyon. "Kung walang dokumento, walang kasaysayan" ika nga ng positibista. Kung teksto ang tanging batayan ng kasaysayan, paano nga naman mapag-aaralan ang panahong pre-Hispaniko gayong wala namang nakasulat na batis sa panahong ito (liban sa Binatbat na Tanso ng Laguna)? Ngunit ipinahayag din ni Salazar (2019) na mapagpapaumanhin naman kahit na papaano ang tindig na ito ni Agoncillo, dahil marapat na tandaang hindi pa maunlad maging ang disiplina ng arkeolohiya sa sarili nito sa panahon ni Agoncillo. Ngunit sa kasalukuyan, iba na ang sitwasyon, mas umunlad na ang arkeolohiya bilang disiplina sa Pilipinas sa pangunguna ng *Archaeological Studies Program* (ASP) ng *Unibersidad ng Pilipinas* (UP). Kumpara sa naunang dispensasyon

kung saan ang disiplina sa Pilipinas ay dinodomina ng mga banyagang arkeologo (tulad nina H. Otley Beyer at Wilhelm Solheim II), mas marami nang Pilipinong arkeologo sa kasalukuyan na namumuno sa mga paghuhukay tulad na lamang nina Armand Mijares, Victor Paz, at Grace Barretto-Tesoro. Oportunidad ito para sa mga nasa disiplina ng kasaysayan na makinabang sa mga bunga ng pagpapagal ng mga arkeologo.

Samakatwid, isa sa mga saysay ng pinatnugutang antolohiya nina Gerritsen at Riello sa historiograpiyang Pilipino ang lalo pang paggamit ng kulturang materyal, sa tulong ng arkeolohiya, bilang batis pangkasaysayan. Dapat pa ngang umalpas ang disiplina ng kasaysayan sa paggamit ng kulturang materyal na limitado lamang sa panahong pre-historiko (mas nais na tawagin na panahon ng "pamayanan" ni Salazar). Tiyak na makapagpapalago pang lalo sa disiplina ang pag-aaral sa kulturang materyal sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas. Tulad nang una nang napahiwatig, hindi ideyal na pag-aralan ang kulturang materyal para sa sarili nito (dahil nga malayo pa sa kapasidad ng kasalukuyang iskolarsip ang pagbuo ng kasaysayan ng kulturang materyal bilang isang buong larangan). Sa halip, tumutukoy lang ang rekomendasyong ito sa paggamit sa kulturang materyal bilang komplementaryong batis katuwang ng dokumento. Dapat pa ring tanggapin ang katotohanang hindi kayang palitan ng kulturang materyal ang nakasulat na batis sa mata ng isang propesyunal na historyador.

Nakaugnay sa puntong ito ang ikalawang metodolohikal na saysay ng akda sa historiograpiya. Ito ay ang panawagan ng aklat na mas maging bukas ang historyador sa interdisiplinaryong lapit sa kasaysayan. Kung gagamitin ng historyador ang kulturang materyal bilang batis o komplementaryong batis kasama ng dokumento, nangangahulugan ito na kailangan niyang humiram ng mga pamamaraan mula sa ibang disiplina (yamang ang pag-aaral ng kulturang materyal ay matagal nang teritoryo ng ibang larangan). Kung tutuusin, matagal nang pinasimulan ng *Bagong Kasaysayan* ang ganitong lapit sa disiplina. Kapansin-pansin ito sa uri ng mga pag-aaral na nabubuo ng mga tagapagtaguyod nito. Halimbawa, pare-parehong may paggamit sa historikal na linggwistika bilang pantulong na disiplina sa pag-aaral ng kasaysayan ang mga sanaysay nina Nancy Kimuell-Gabriel (1999) ukol sa timawa, Mary Jane Rodriguez-Tatel ukol sa inang bayan (2006), at Lars Raymund Ubaldo ukol sa Tagalog (2009). Nariyan din ang pag-aaral ni Ma. Florina Orillos-Juan (2017) ukol sa pananalanta ng mga pesteng balang at implikasyon nito sa lipunan, kung saan inilapat naman sa kasaysayan ang araling pangkapaligiran.

Esensyal sa paglago ng kasaysayan bilang larangan ang pag-iwas sa pagiging isang puristang disiplina na umiinog lamang sa sarili nitong daigdig. Kailangan ang mas malawak na kooperasyon ng historyador sa iba pang kamag-anak nitong disiplina, lalo na ng antropolohiya, arkeolohiya, at kasaysayan ng sining (sa usapin ng kulturang materyal). Maraming paksa ang hindi kayang pag-aralan ng historyador kung ang gagamitin lang

niya ay istriktong metodolohiyang pangkasaysayan. Mapapagyabong ba ni Salazar ang pag-aanalisa sa dalumat ng ginhawa, kalayaan, at himagsikan kung wala ang tulong ng antropolohiya, linggwistika, at arkeolohiya? [Ikonsidera halimbawa ang metodolohiya ng "Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa" (Salazar 1999)]. O mahuhukay kaya ni Ileto ang mga kahulugang nakabaon sa *pasyon* at maiuugnay sa kamalayan ng mga mapaghimagsik na masa kung tradisyunal na mga dokumentong pangkasaysayan lamang ang gagamitin? Hindi nakapagtataka kung bakit ang positibistang tendensya ni Agoncillo ay nagbunsod sa kanya upang pulaan ang interdisiplinaryong metodolohiya ni Ileto. Nang hingin ni Ocampo ang opinyon ni Agoncillo sa *Pasyon and Revolution* (Ileto 1979), ito ang kanyang tugon:

> Ay naku! Wala iyon. *Ten years from now it's forgotten*… Iyong kay [Ileto], *in the first place it's not history.*" (Ocampo 2016, 102).

Ngunit tapos na ang panahon ng puristang kasaysayan nina Gregorio Zaide, Horacio dela Costa, at Teodoro Agoncillo. Ang kasalukuyang historiograpiya ay kinakarakterisa na ng interdisiplinaryong panahon nina Salazar, Ileto, at Vicente Rafael.

Ang magkatambal na hamong ito—kulturang materyal bilang komplementaryong batis at panawagan para sa mas malawak na interdisiplinaryong lapit—ang ilan sa maaaring maging metodolohikal na saysay ng aklat na *Writing Material Culture History* tungo sa pagpapayabong ng historiograpiyang Pilipino.

**Sanggunian**

Ileto, Reynaldo. 1979. *Pasyon and Revolution; Popular Movements in the Philippines, 1840-1910.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Kimuell-Gabriel, Nancy. 1999. Ang Timawa sa Kasaysayang Pilipino. *Bagong Kasaysayan* 3.

Ocampo, Ambeth. 2016. *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo*. Maynila: University of Santo Tomas Publishing House.

Orillos-Juan, Ma. Florina. 2017. *Kasaysayan at Vulnerabilidad: Ang Lipunang Pilipino sa Harap ng Pananalanta Ng Pesteng Balang, 1569-1949.* Maynila: De La Salle University Publishing House.

Rodriguez-Tatel, Mary Jane. 2006. Ang Dalumat ng Bayan sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino. *Bagong Kasaysayan* 15.

Salazar, Zeus. 1999. Wika ng Himagsikan, Lengguwahe ng Rebolusyon: Mga Suliranin ng Pagpapakahulugan sa Pagbubuo ng Bansa. *Bagong Kasaysayan* 8.

Salazar, Zeus. 2004. *Liktao at Epiko: Ang Takip ng Tapayang Libingan ng Libmanan, Camarines Sur*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.

Salazar, Zeus. 2018. Personal na komunikasyon kay Zeus Salazar ni Mark Joseph Santos. Balay Salazar, Escaler Street, Loyola Heights, Quezon City, Philippines, Hunyo 17.

Salazar, Zeus. 2019. Personal na komunikasyon kay Zeus Salazar ni Mark Joseph Santos. Balay Salazar, Escaler Street, Loyola Heights, Quezon City, Philippines, Pebrero 12.

Tiongson, Jaime, Zeus Salazar, Ma. Carmen Peñalosa, Grace Barretto-Tesoro, Donna Arriola, Michael Armand Canilao, Michael Charleston Chua, Nancy Kimuell-Gabriel, Elle Lim, Anna Carla Pineda, Joan Tara Reyes, Luciano Santiago, Lars Raymund Ubaldo, at Timothy James Vitales. 2013. *Ang Saysay ng Inskripsyon sa Binatbat na Tanso ng Laguna*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc. at Pila, Laguna: Pila Historical Society Foundation, Inc.

Ubaldo, Lars Raymund. 2009. Ang Dalumat ng Tagalog, 1571-1907. Ph.D. disertasyon sa Kasaysayan, University of the Philippines - Diliman, Quezon City.

Zamora, Mario at Zeus Salazar, mga pat. 1969. *Anthropology: Range and Relevance*. Quezon City: Kayumanggi Press.